

Varyasyon ng mga Terminong Kultural na Pangkabuhayan sa Katutubong Mandaya ng Davao Oriental

**Raymund M. PASION¹
and Mary Ann S. SANDOVAL²**

¹Asst. Professor, Davao Oriental State College of Science & Technology
City of Mati, Davao Oriental;

²Assoc. Professor, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology,
Iligan City

Corresponding author: raypasion@yahoo.com

Abstrak


Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang varyasyon o mga varyasyon ng mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan na ginagamit ng mga Mandayang matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiya ng Davao Oriental batay sa kanilang Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) at pagsasalin sa The Swadesh Word List ni Morris Swadesh. Disenyong Kwalitatibo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ang paraan o metodong indehinus at deskriptibo ang ginamit mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos. Kungsaan, ang mga impormante ay napili sa pamamagitan ng kombinasyong purposive at snow-ball sampling. May varyasyon ang wikang Mandaya sa apat na munisipalidad. Sa kabuuang bilang na 2,402 mga terminong kultural na pangkabuhayan ng wikang Mandayang nalikom, ang terminong pagsasaka ay may kabuuang 195 mula sa Caraga at Manay, 188 sa Baganga, at 182 Cateel. Samantalang, sa kabuuan na 142 terminong kultural sa pangangasong nakalap mula sa Caraga, ang mga ito ay pawang may katumbas o katulad ding termino sa Manay at Baganga. Tanging sa munisipalidad lamang ng Cateel ang mayroong apat na katawagang hindi natumbasan nito. Sa kabuuan ding 169 na mga terminong kultural sa pangingsda mula sa Caraga, Manay at Baganga, hindi lahat ng mga ito ay natumbasan sa Cateel sapagkat may dalawang katawagan ang hindi nito nahanapan o nabigyan ng katumbas. Subalit, ang kabuuang 101 terminong kultural sa paghahayupan ang nalikom mula sa Caraga ay natutumbasan o may katulad itong termino sa Manay, Baganga at Cateel.

Mga Susing-Salita: terminong kultural, terminong pangkabuhayan, varyasyong kultural, wikang Mandaya

Introduksyon

Ang katutubong Mandaya na matatagpuan sa probinsya ng Silangang Davao ng Mindanao ay hitik sa yaman ng kanilang kultura. Nabibilang ito sa 110 katutubo ng Pilipinas. Ang katagang Mandaya ay nagmula sa mga salitang man (tao) at daya (itaas na bahagi o itaas na bahagi ng ilog). Dahil rin dito, ang mga Mandaya ay tinatawag na inhabitants of the uplands (<http://www.ncip.gov.ph>). Naninirahan ang mga Mandaya sa bulubunduking bahagi ng TmogSilangang Mindanao na binubuo ng Davao del Norte, Campostela Valley, Agusan del Sur, at Davao Oriental. Ang Isa sa nagpapabuklod sa kanilang lahi ay ang kanilang wika na ginagamit araw-araw sa pakikipag-ugnayan. Bukod dito, mababatid din ang mga terminong kultural tulad ng sa pangkabuhayan na sumasalamin sa uri ng kanilang pamumuhay. Ang nasabing mga termino ay inilalahad sa bahaging ito. Nahahati ito sa apat na kategorya pagsasaka, pangangaso, pangangisda at paghahayupan.

Makikita sa Figyur 1 na may kabuuang bilang na 2,402 mga terminong kultural na pangkabuhayan ng wikang Mandayang nalikom. Ang Caraga at Manay ay may kabuuang 607. Sinundan ito ng Baganga na may kabuuang 600. Samantalang, may 588 na kabuuan naman ang sa Cateel.



Figyur 1. Bilang ng mga terminong kultural na pangkabuhayan ng wikang Mandaya sa Davao Oriental

Layunin

Layunin ng pag-aaral na tukuyin ang varyasyon o mga varyasyon ng mga terminong kultural na pangkabuhayan tulad ng pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan na ginagamit ng mga Mandayang matatagpuan sa mga munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Probinsiya ng Davao Oriental batay sa kanilang Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP). Gayundin sa paglilinaw o pagtalakay sa mga natatanging paniniwala, kultura at pamumuhay ng mga Mandaya na masasalamain sa kanilang paggamit ng wika.

Konseptwal na Batayan

Sa Figyur 2, inilahad ang biswal na paglalarawan sa konsepto ng pagkakaroon ng iba't ibang varayti ng wika sa isang komunidad. Dito, sinimbolo ng isang bilog sa gitna ang Davao Oriental kung saan naninirahan ang katutubong Mandaya. Sakop ng Probinsya ng Davao Oriental ang iba't ibang munisipalidad na nahahati ayon sa hangganan ng bawat lugar. Sa sitwasyong ito ay nagkakaroon na ng tinatawag na varyasyong heograpikal. Inirerepresenta ng apat na maliliit na bilog mula sa malaking bilog ang apat na munisipalidad ng Davao Oriental — Caraga, Manay, Baganga at Cateel, kung saan matatagpuan ang mga katutubong Mandaya sa probinsya. Bagama't mga Mandaya, dahil sa heograpikal na sitwasyon ay pinaniniwalaan ng mananaliksik na may varayti ang wikang Mandayang ginagamit sa bawat munisipalidad.

Ang varyasyon ng wikang Mandaya sa apat na grupo ay maaaring makita sa pamamagitan ng kanilang IKSP na nagbibigay ng tuon sa mga terminong kultural sa aspektong pangkabuhayan na pagsasaka, pangangaso, pangingsda at paghahayupan na inirerepresenta ng kahong parisukat na ikinokonekta ng mga linya mula sa gitnang bilog. Dito makikita na bagama't may isang paniniwala, kultura, at pamumuhay ang mga Mandaya, nagkakaroon ng pagkakaiba ang kanilang katawagan o pananalita.




Figyur 2. Iskematikong dayagram ng paradaym ng pag-aaral

Metodolohiya

Kwalitatibong disenyo ang ginamit sa pag-aaral na ito. Mula sa paglilikom hanggang sa pag-aanalisa ng mga datos, dalawang paraan o metod ang ginamit (Figyur 3). Una, sapangangalap ng datos, pinagbatayan ang pamamaraang indehinus o pangkatutubo dahil ang mga terminong pinagbabatayan ay mga terminong kultural ng wikang Mandaya. Sa pamamaraang ito, ginamit ang teknik na istraktyurd na interbyung verbal mula sa mga miyembro ng komunidad ng mga Mandayang buhat sa munisipalidad ng Manay, Caraga, Baganga at Cateel ng Davao Oriental. Pangalawa, sa pagsusuri o pag-aanalisa ng mga datos, pamamaraang deskriptibong nilapatan naman ng pagsusuring kombinasyong dulog na heograpikoetnograpike upang maipakita ang pagkakaroon ng varyasyon sa wika ng mga Mandayang naaayon sa kanilang lokasyon.

Ang mga Impormante

Ang mga impormante ay pinili sapagkat kakaunti lamang ang bilang ng matatandang nabibilang sa edad na 50 pataas at matutukoy na rin ang mga ito sa mga lugar ng pag-aaral. Samantala, ginamitan din ng snow-ball sampling kung saan ang mga naunang impormante ay tumukoy ng iba pang kakilala nilang maaaring maging impormante na pumasa sa binuong kraytirya. Ang paraang ito ay patuloy hanggang sa maaabot ang sapat na impormasyon. Ang mga kraytiryang ito ay isinasaalang-alang para matiyak na wasto ang mga kinakailangang datos: (1) katutubo/indihenus na Mandayang sumusunod pa sa kulturang Mandaya; (2) may edad na 50 taong gulang pataas; (3) ipinanganak, lumaki, nakatira at nabibilang sa lupaing ninuno (ancestral domain); (4) hindi lumipat o nanggaling sa ibang lugar ng mga Mandaya; at (5) maalam sa kulturang Mandaya lalong-lalo na sa IKSP ng 4P na pangkabuhayan.



Pangangalap ng mga Datos

Inilalarawan sa pamamagitan ng daloy ng mga gawain ang pamamaraang ginamit sa pangangalap ng datos sa pagaaral. Ito ay inilahad sa Figyur 5, na nahahati sa anim na bahagi: Proseso ng pag-aaral; Instrumento ng Pag-aaral; Pagsasaayos ng Datos; Pag-aanalisa ng Datos; Validasyon ng Datos; at Pag-cedit ng Datos sa Pagaaral.

Mga Resulta


A. Mga Terminong Kultural Sa Pagsasaka

Ang pagsasaka sa mga Mandaya ang pinakaunang bahagi sa 'ahat ng gawaing pangkabuhayan, dahil sa kanilang lupain o bukirin nanggagaling ang pangunahing ikinabubuhay nila. Sa pagsasaka rin napapraktis ang kanilang kultura, kostumbre at pamaraan sa pangaraw-araw na kabuhayan. Ayon sa isang panayam kay Agostin G. Pangalaya (Sept 18, 2012), isang magsasaka, 'Ang lupa ay buhay, dahil dito kami nabubuhay! Kung wala ang lupa, wala na rin karning kultura! Wala na ang katutubong Mandaya!' Sa pagsasaka ay napananatili ang pagpepreserba ng mga semilya, pamaraan upang mapalago sa pamamagitan ng pagtatanim at pagproseso ng mga gawaing pansakahan sa natural na paraan. Ayon parin kay Agostin, "*Ang pagsasaka sa Mandaya ay may sariling proseso at natural na paraan upang mapanatiling malusog at masagana ang ani at hindi makasisira sa kalusugan ng tao.*" Katulad ng pagtatanim ng palay, monggo, bal', atong (sitaw), mais, dawa (uri ng butil), at iba pa, sa iisang lugar o taniman. Sa makabagong pagaaral ng agrikultura, ito ay tinatawag na intercropping. Ang ganitong paraan ng pagtatanim ay sinusunod o ginagawa na ng mga Mandaya noon pa man at hanggang sa kasalukuyan. Layunin nitong protektahan ang kalusugan ng mga tanim at isa ring mabisang pamamaraan Sa pagpapalayo sa mga sakit, mga insekto o kaya'y mga hayop na maaaring dumapo sa kanilang mga pananlm.


Itinuturing din ng mga Mandaya ang gawaing pagsasaka na isang maselang gawaing pangkabuhayan kung kaya kinakailangang nasusunod o naisaalangalang nito ang mga mahahalagang hakbang para rito. Bahagi rito ang pag-aalay sa mga espiritu ng padugo garnit ang baboy, idog ng manok at iba pa, tuwing magkaroon ng ritwal. Ang ritwal ay ginagawa bago magumpisa sa pagtatanim. Napakarami pang natatangingpamamaraansapagsasekaang mga katutubong Mandaya na matatagpuan sa Davao Oriental.

Maraming mga katawagang kultura' kaugnay sa pagsasaka ang nabatid na nagkaroon ng varyasyon sa iba pang mga lugar na tinitirahan ng mga Mandayang matatagpuan sa naturang probinsiya (Talahanayan 1).

May kabuuang 195 mga terminong kultural sa pagsasaka ang nakalap mula sa Caraga. Bawat terminong ito ay may katumbas o katulad ding termino sa Manay. Mapapansin namang binubuo lamang ng 188 terminong kultural ang Baganga at 182 terminong kultural ang Cateeli ito ay dahil hindi lahat ng mga terminong kultural ng Caraga at Manay ay natutumbasan sa Baganga at Cateel.



Figur 4. Mapa ng pag-aaral



Figur 5. Daloy ng mga gawain sa pag-aaral

Talahanayan 1. Mga terminong kultural sa pagsasaka at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
agbul' <i>/a:gbul-ɨ/</i>	gal'las <i>/gal-las</i>	paggas <i>/pa ggas/</i>	hambas <i>/ha:mbas/</i>	paraan ng paglilinis ng lupa
agot <i>/'agot/</i>	pag-agot <i>/pag.'agot/</i>	paggagot <i>/paggagot/</i>	butad <i>/bu:tad/</i>	paghila ng lanot ng abaka
al'lom <i>/'a:l-lom/</i>	al'lom <i>/'a:l-lom/</i>	awom <i>/'a:wom/</i>	(wala)	uri ng gulay
al'luyon <i>/al-lu:yon/</i>	al'luyon <i>/al-lu:yon/</i>	al'luyon <i>/al-lu:yon/</i>	awoyon <i>/'awo:yon/</i>	bayanihan
antatal'lo <i>/antatal-loʔ/</i>	antatal'lo <i>/antata:l-loʔ/</i>	antatawo <i>/antatawoʔ/</i>	ud <i>/'u:d/</i>	uók
dagami <i>/daga.miʔ/</i>	dagami <i>/daga.miʔ/</i>	ubas <i>/u:bas/</i>	uhay <i>/uhay/</i>	uhay
inabo <i>/inaboʔ/</i>	binabo <i>/binaboʔ/</i>	(wala)	(wala)	uri ng tubó
iskadola <i>/iskado:laʔ/</i>	iskarole <i>/iskaro:laʔ/</i>	eskarola <i>/eskaro:laʔ/</i>	(wala)	uri ng gulay
kabasal'an <i>/kabasal-lanʔ/</i>	kabasal'an <i>/kabasal-lanʔ/</i>	kawbasahan <i>/kawbasahanʔ/</i>	kakawbasaan <i>/kakawbasa'anʔ/</i>	kalabesahan
kabiling <i>/kabilinʔ/</i>	kabiling <i>/kabilinʔ/</i>	kabiling <i>/kabilinʔ/</i>	(wala)	uri ng saging
kabuwayna <i>/kabuwa:ynaʔ/</i>	kabul'layna <i>/kabul-la:ynaʔ/</i>	herbabuwena <i>/herbabuwe:naʔ/</i>	herbubuwena <i>/herbubuwe:naʔ/</i>	uri ng rekado
kigsay <i>/ki:gsay/</i>	kisay <i>/kisay/</i>	bigsay <i>/bi:gsay/</i>	(wala)	uri ng kamote
kusmod <i>/ku:smod/</i>	masikampo <i>/masika:mpoʔ/</i>	(wala)	(wala)	uri ng saging
siwing <i>/siwinʔ/</i>	iwing <i>/iwinʔ/</i>	(wala)	pudikit <i>/pudi:kit/</i>	uri ng saging
takbá <i>/ta:kbaʔ/</i>	tábá <i>/ta.'baʔ/</i>	bakukú <i>/bakukuʔ/</i>	(wala)	uri ng lalagyan ng bigas

Ang ilang mga terminong kultural ay hindi nahanapan o natumbasan sa munisipalidad ng Baganga at Cateel. Isang dahilan nito ay hindi nila nakikilala ang ibang bagay o hindi nila ito ginagamit sa pagsasaka. Mapapansin ding higit na maraming bilang ng mga katawagang kultural ang hindi natumbasan sa Cateel dahil hindi ito naituro sa kanilang mga magulang o kaya'y sa kapwa magsasaka ng kanilang lugar (Talahanayan 2).

Talahanayan 2. Mga terminong kultural sa pagsasaka na walang katumbas at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
inabo <i>/iˈnaboʔ/</i>	binabo <i>/biˈnaboʔ/</i>	(wala)	(wala)	uri ng tubò
iskadola <i>/iˈskadoːlaʔ/</i>	iskarola <i>/iˈskaroːlaʔ/</i>	eskarola <i>/eˈskaroːlaʔ/</i>	(wala)	uri ng gulay
kabiling <i>/kabiˈliŋ/</i>	kabiling <i>/kabiˈliŋ/</i>	kabiling <i>/kabiˈliŋ/</i>	(wala)	uri ng saging
kigsay <i>/kiːɡsay/</i>	kisay <i>/kiːsay/</i>	bigsay <i>/biːɡsay/</i>	(wala)	uri ng kamote
kusmod <i>/kuːsmoːd/</i>	masikampo <i>/masikaːmpoʔ/</i>	(wala)	(wala)	uri ng saging
siwing <i>/siwiŋ/</i>	iwing <i>/iwiŋ/</i>	(wala)	puđikit <i>/puđiːkiːt/</i>	uri ng saging
takbà <i>/taːkbeʔ/</i>	tébà <i>/taːˈbaʔ/</i>	bakukù <i>/bakukuʔ/</i>	(wala)	uri ng bilao

B. Mga Terminong Kultural sa Pangangaso

Isa ring mahalagang kabuhayan ng mga Mandaya ang pangangaso_ Habang naghihintay ng pag-aani ng kanilang mga pananim, ito naman ang nangungunang gawain ng mga Mandaya. Ang pangangaso ay nagsisilbi ring palengke ng mga katutubo kung saan dito nila kinukuha ang iba nilang pangangailangan tulad ng pagkain at gamot. Ang gawaing ito rin naman ay ginagamit nilang panukatan ng kagalingan sa pag-asinta ng kalaiakihan.

May bahagi rin ang mga panaginip sa pangangaso ng mga Mandaya Bago mangaso ay isinasaalang-alang muna nila ang panaginip. Ang isang magandang panaginip o nagpapakita ng senyales ng tagumpay ay binibigyan nila ng kahulugan ng pagtatagumpay sa pangangaso kung kaya matutuloy ang isang balak na pangangaso. Samantala, kung ang panaginip ay hindi maganda o walang makikltang senyales, ito naman ay nagbababalang huwag ituloy ang gagawing pangangaso dahil sa nakaabang na panganib.

Gayunpaman, ang lahat gawaing pangangaso bago mag-umpisa ay idinadaan muna sa pagsasagawa ng simpleng ritual (pangapog). Ang ritwal na ito ay isang pag-aalay sa mga espiritung kanilang pinaniniwalaang nagbabantay sa kagubatan. Isang palatandaan na tinanggap ang ginawang pag-aalay kung hindi nahirapan ang mangangaso sa panghuhuli ng iba't ibang hayop tulad ng baboy ramo, mga ligaw na manok, usa at iba pa. Ang ilang kagamitan o sangkap na dinadala sa ritwal ay apog, mamadn, buyò at l'langis (alak mula sa tubò) Naging pamahiin ng mga Mandaya na ang lahat na mga gamit o sangkap sa pangangaso tulad ng busog, dingC, sundang,

pul'lot o katiyan kasama ang asong alaga ng mangangaso ay pinaususukan sa panahon ng ritwal. Ang aso ay naging kaagapay ng mangangaso sa panghuhuli ng mga baboy ramo, usa at iba pang mga hayop sa kabubatan.

Isang kostumbre rin ng mga Mandaya ang paggalang sa hangganan ng lugar na pangangasuhan, Ang bawat pamilya ay may kanya-kanyang teritoryong pinangangasuhan upang hindi magkeroon ng pagsasapawan sa kanilang lugar at makaiwas sa anumang gulo c kaya'y hindi pegkakaunawaang maaanng maganap. Kung nakarating sa malayo ang aso ng mangangaso sa panghuhuli ng baboy ramo o usa at nasaksihan ito ng iba. hindi dapat na galawin o kunin ninuman ang nahuli nitong hayop, Ang lalabag sa patakaran nilang ito ay papatawan ng bun-rral" o parusa ng mayari ng asong nakadakip_ Karaniwan namang bun-nal%" o parusa ay ang pagkuha sa anak ng sinurnang taong kumukuha sa nahuhuli ng tumawan. Parasa isang mangangaso,, malaking Rawalan SE pamumuhay kung ang kanyang aso ay magiging yamesaan (hindi na makakuha). Dahil dito, nakakatawag pansin ang katangi-tanging kostumbre ng mga Mandaya dahil batid ng lahatna kapag lumabag sa buhay ng may buhay. ito ang kapalit na kaparusahan. Ilan lamang ito sa mga paniniwala at g awain ng mga Mandaya sa kanilang pangangaso_

Ipinakikifa sa Talahanayan 3 ang mge katawagang kultural ng mga Mandaya kaugnay nggawainsapangangaso_ Hinanay ito ayocel sa katawagan ng bawet grupo ng Mandaya sa apat na munisipalidad. at dito ay makikita ang varyasyong [eksikal sa mga katawagan sa pangengaso.

Talahanayan 3. Mga terminong kultural sa pangangaso at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
alal'lagtoy <i>/ʔalal-la:ɡtoɣ/</i>	al-lagtoy <i>/ʔal-la:ɡtoɣ/</i>	alalagtoy <i>/ʔalala:ɡtoɣ/</i>	anlalagtoy <i>/ʔanlala:ɡtoɣ</i>	uri ng ibon
al-lit <i>/ʔal.lit/</i>	alit <i>/ʔalit/</i>	tal-is <i>/tal.'is/</i>	hait <i>/ha:'it/</i>	tulis
basiyan <i>/ba:si:yan/</i>	basyan <i>/ba:si:yan/</i>	bay-yan <i>/bay.yan</i>	basyan <i>/basyan/</i>	babaeng unggoy
baskal'l <i>/ba:skal-l/</i>	bagkal'l <i>/ba:ɡkal-l/</i>	bagkaw <i>/ba:ɡkaw/</i>	bagkaw <i>/ba:ɡkaw/</i>	lalakeng unggoy
buol'l <i>/bu:'ol-l/</i>	bu'l <i>/bu:l-l/</i>	mal'lakabi <i>/mal-lakabi'/</i>	impis <i>/i:mpis/</i>	anak ng usa
busog <i>/bu:sog/</i>	busog <i>/bu:sog/</i>	busog <i>/bu:sog/</i>	busog <i>/bu:sog/</i>	busog (bow)
byal'lawang <i>/byal-la:wary/</i>	bal'lawang <i>/bal-la:wary/</i>	bawang <i>/bawary/</i>	balawang <i>/bala:wary/</i>	paran ng paghuli ng hayop
dagto <i>/da:ɡto'/</i>	pu'l'lot <i>/pu:l-lot</i>	daguk <i>/daguk/</i>	tagok <i>/tagok/</i>	dagtá
ilop <i>/i:l'op/</i>	ilop <i>/i'lop/</i>	ilop <i>/i'lop/</i>	(wala)	uri ng ibon
kal'lagon <i>/kal-lagon/</i>	tusan <i>/tu:san/</i>	waitan <i>/wa:'itan/</i>	senyasan <i>/senyasan/</i>	hudyatan/ senyasan
killi-killi <i>/ki:l'p.ki:l'p/</i>	killi-killi <i>/ki:l'p.ki:l'p/</i>	killi-killi <i>/ki:l'p.ki:l'p/</i>	(wala)	uri ng ibon
siyub <i>/siyub</i>	kigwit <i>/ki:ɡwit/</i>	mandadagit <i>/mandadagit/</i>	banog <i>/banog/</i>	banog (uri ng ibon)
su'yak <i>/su:yak/</i>	litag <i>/li:tag/</i>	sal'lungag <i>/sal-lungag</i>	taan <i>/ta:'an/</i>	patibóng
tagabalitan <i>/tagabali:tan/</i>	inatyanan <i>/inatya:nan/</i>	inatyanan <i>/inatya:nan/</i>	(wala)	babaeng usa
tagatul-liyan <i>/tagatul.liyan</i>	pangan <i>/pana:'an/</i>	pangan <i>/pana:n/</i>	(wala)	lalakeng usa

Sa kabuuan, may 142 terminong kultural sa pangangaso eng nakalap mula sa Caraga at ang mga to ay pawang may katumbaso ka t ulad d ing termino sa Man ay at Baganga. Tanging sa munisipa'idad lamang ng Cateei natagpuang may apat na termino ang walang katumbas (Talahanayan 4).

Talahanayan 4. Mga terminong kultural sa pangangaso na walang katumbas at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
ilop /i:lop/	ilop /i:lop/	ilop /i:lop/	(wala)	uri ng ibon
kili-kili /ki:li: ki:li:/	kili-kili /ki:li: ki:li:/	kili-kili /ki:li: ki:li:/	(wala)	uri ng ibon
tagabalitan /tagabali:tan/	inatyanan /inatya:nan/	inatyanan /inatya:nan/	(wala)	babaeng usa
tagatul-liyan /tagatul.liyan/	pangaan /pana'an/	pangan /pana:n/	(wala)	lalakeng usa

Ang apat na Ratawagang walang katumbas sa Cateel ay pawang mga uri ng ibon o katawagan sa hayop, Avon sa mga nakapanayam na mga imporme nteng mangangaso. ang mga ibong nabanggit ay hindi nila kilala sapagkat hindi pa nakakakita ng gayong uri ng ibon. Dagdag pa niba, kung mayroon mang ibong katu'ad nito na nakarating o nakita sa kanilang lugar ay malamang na ang kanilang mga magulang o nihunonilang namayapa na ang nakakakilala sa mga ibong ito. Sarnentala, tinatawag naman sa pangkalahatang katawagan ang happ na usa kahit babae,' lalake ito. Tulad din sa nabanggit na dahilan sa ibon sa itEas, hindi rin nile batid na mayroong magkaibang tawag sa hayop batay sa kasarian gaya ng tinuran sa ibang rnga logar. Pansinin ang mga terminong ito sa Talahanayan 4

C. Mga Terminong Kultural sa Pa ngingisda

Ang mga Mandaya ay nabubuhay at makikita sa dayé na ang ibig sabihin ay 'itaas na bahegi o itaas ng ilog'. Malaking bahagi ng kanilang pamumuhay ang ilog dahil dito rin nila kinukuha ang pangaraw-araw na pagkain o ulam maliban sa pangangaso. Ang gawamg ita ay kanilang ginawa habang naghihintay Se pag-ini ng kanilang mga pananim

Tuiad din ng ibang mga gawain ng mga Mandaya, nengunguna pa rin ang ritwel na tumatawag at nag-aalay sa mga esprttung pinanintwalaang nagbabantay sa tubig.

Ang isang mangingisda ay may sariling Ryanugbungan o tugbunganen (teritoryo ng pangisaaan). Ang pagkuha ng kaya o mga pagkaing lamang•tubig ay may kanyang-kanyang mga gamit o Regamitan na ginagamit upang makahuli ng byak na keya. Halimbawa, ang paggamit ng al"awa (lambat) na karaniwang nakahuhuli ng mga uring ultabang (hipon) at isdang balulu Samantalang ang tambut'lang (uri ng kawayan)

naman ay ginagamitpara sa pagtugpo o pamimingwit na karaniwang nakahuhuli ng mga kasili. damagan, tilapya,, apay at pang uri ng isda sa tubig. Hindi rin maiwasan ano paggamit ng •mutya• sa pangingsda sapagkat malaking Mong i'to upang maparamj ang kanilang kuha tuwing mangingsda- Mula nuon hanggang sa kasalukuyan, ang ganitong kostumbre ng mga Mandaya ay kanila pa ring pinahahalagahan ngunit hindi maiiwasang nangangaunti ang bilang ng nakakaalam o Sumusunod sa proseso ng pangingsda dahil ang mga matatandang may sapat na kabatiran sa naturang gawain ay namamatay na Nakakalungkot isipin na hindi naipamamana sa kanilang mga anak o kaya'y mga kamag-anak ang katangitanging kakayahan sa pangingsda, Higit ring nakakalungkot isipin na ang ibang mga Mandayang matatagpuan sa Manay, Caraga, Baganga talo na ang Cateel ay unti-unting nakalilimot sa ganitong uri ng pamamaraan ng pangingsda. Ito ay maaaring sanhi ng lubusang impluwensyang nagaganap sa bagong henerasyon ng mga Mandayang mula sa ibang pangkat etniko o kaya'y sa akulturasyong nagaganap sa kanilang lipunan.

Ito ay mababatid sa mga katawagang kultural sa larangan ng pangingsda na makikita sa Talahanayan 5. Mapapansin sa mga katawagang nakatala, na nagkakaroon ng varyasyon ang apat na sub-pangkat ng mga Mandaya, at nagpapatunay na ang ibang salita ay nananatiling mula pa sa kanilang kultura, at ang iba naman ay nagkakaroon na ng bagong Salita o katumbas na siyang ikinaiiba sa ibang sub-pangkat nito,

Sa kabuuanq 169 na mga terminong kultural sa pangingsda mula sa Caraga, hindi lahat ng mga ito ay natumbasan sa Cateel. May dalawang termino ang hindi nahanapan o nabigyan ng katumbas (Talahaneyan E). Tulad ng nabanggit na hindi na ito nakikilala ng mga taga-Cateel

D. Mga Terminong Kultural sa Paghahayupan

Hindi lingid sa kaalaman ng mga Mandaya na sila ay may sari-saaling pamuwic paghahayupan. Kaya lamang ay may kaunting pagkakaiba ang konsepto Sa kanilang paghahayupan dahil pakuntikunti lamang ang paguaalaga nila ng mga hayop tulad ng manok, baboy, kambing at iba pa kaysa sa ibang pangkat etniko sa patag na minabuting mas paramihin para maibebenta ita.

Bagama't hindi pangunahing paraan ng pamumuhay ng Mandaya ang paghahayupan, patuloy o ginagawa pa rin ito ng ilang pamilya o indibidwal, Bukod sa pagoabarter ng mga heyop, dito rin sila kumukuha ng kanilang pagkain. Ginagamit ding suol'liwan (suhol) ang mga hayop na inaalagaan. Malaking pakinabang din ang gawaing ito sa mga panahong may darating na hindi inaasahang bisita, Ang mga hayop ay siyang inihahanda se pagbaná o paghahanda ng pagkaing pambisita,

Napakalaki ring halaga ang paghahayupan lalo na kapag may selebrasyon o gawain sa pamayanan tulad ng pag-aani. kasal, at pangayô (dowry) at iba pa. Napapakinabanggn din ang paghahayupan sa gawaing bunong (binyag), bun-nal'li (danyos), tawo (pagkatay tuwing may patay) at maging sa pagdiriwang ng tagumpay katulad ng pakikipagdigma sa kalaban,

Talahanayan 5. Mga terminong kultural sa pangingsda at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
al'lawa <i>/al'-lawa'/</i>	al'lawa <i>/al'-lawa'/</i>	al'lawa <i>/al'-lawa'/</i>	sikpaw <i>/si:kpaw/</i>	pomang triyanggulong net na panghuli ng isda
awat <i>/awat'/</i>	awat <i>/awat'/</i>	awat <i>/awat'/</i>	layo <i>/layo'/</i>	layô
bal'lagon <i>/bal'-la:gon/</i>	bul'lagon <i>/bul'-la:gon/</i>	balagon <i>/bala:gon/</i>	bagon <i>/ba:gon/</i>	baging
bangan <i>/ba:ŋan/</i>	atang <i>/atarŋ/</i>	tagad <i>/tagad/</i>	bantay <i>/ba:ntay/</i>	abáng
banusok <i>/banusok/</i>	banusok <i>/banusok/</i>	banusok <i>/banusok/</i>	tambanosok <i>/tambano:sok/</i>	uri ng isda
baril-baril <i>/bari.lba:ri/</i>	tuko <i>/tuko'/</i>	tugbukay <i>/tugbu:kay/</i>	sapang <i>/sapan/</i>	panâ
bubo <i>/bu:bo'/</i>	sabung <i>/sabun/</i>	bubo <i>/bu:bo'/</i>	bubo <i>/bu:bo'/</i>	yari sa uwáy na lalagyan ng isda
bugbog <i>/bu:gbog/</i>	makaya <i>/ma.kaya'/</i>	kusog <i>/kusog/</i>	kusog <i>/kusog/</i>	lakas
buk'l'las <i>/bu:ki-las/</i>	birá <i>/bira'/</i>	butunga <i>/butu:ŋa'/</i>	guyod <i>/gu:yod/</i>	undá
dal'lumpingan <i>/dal'-lumpi:ŋan/</i>	dal'lawpingan <i>/dal'-lawpi:ŋan/</i>	dal'lupingan <i>/dal'-lupi:ŋan</i>	dawpingan <i>/dawpi:ŋan/</i>	uri ng isda
gal'ling <i>/gal'-lin/</i>	mutya <i>/mutya'/</i>	tagon <i>/tagon /</i>	anting-anting <i>/a:nti.ŋ'a:ntiŋ/</i>	mutya
ogpaw <i>/o:gpaw/</i>	tambaba <i>/tamba:ba'/</i>	bukong <i>/bukon/</i>	(wala)	uri ng hipon
pagputga <i>/pagpu:tga'/</i>	pagpugta <i>/pa.gpu:gta'/</i>	pagpuga <i>/pa.gpuga'/</i>	pugtaa <i>/pugta'a'/</i>	pagpiga
pagtuko <i>/pagtuko'/</i>	tyugbok <i>/tyu:gbok/</i>	pagbilog <i>/pagbi:log/</i>	pagsapang <i>/pa.gsapang/</i>	pagsibát
pigok <i>/pi:gek/</i>	pigok <i>/pi:gok/</i>	pigok <i>/pi:gok/</i>	(wala)	uri ng isda

Talahanayan 6. Mga terminong kultural sa pangingsda na walang katumbas at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
ogpaw <i>/o:gpaw/</i>	tambaba <i>/tamba:ba'/</i>	bukong <i>/bukon/</i>	(wala)	uri ng hipon
pigok <i>/pi:gek/</i>	pigok <i>/pi:gok/</i>	pigok <i>/pi:gok/</i>	(wala)	uri ng isda

Higit sa lahat, ginagamit ang mga hayop sa mga ritwal na isinasagawa ng mga Mandaya tulad ng pag-aalay ng kapayapaan para sa mga espiritu. Maging sa kanilang paniniwala na itinataboy ng mga hayop ang mga masasamang espiritong nagdadala ng mga sakit sa tao.

Lahat ng nabanggit ay kasalukuyan pa rin napapahalagahan ng mga Mandaya na matatagpuan sa apat na pangkat sapagkat nababakas sa kanilang mga ginagamit na mga salita ang pagpapanatili ng gawain nito. Ito ay makikita sa mga katawagang kultural ukol sa kabuhayang paghahayupan (Talahanayan 7).

Talahanayan 7. Mga terminong kultural sa paghahayupan at notasyong ponemiko ng mga Mandaya sa Davao Oriental

Munisipalidad				Filipino
Caraga	Manay	Baganga	Cateel	
antil <i>/aːntil/</i>	matsura <i>/matsuraː/</i>	baug <i>/baːug/</i>	buntoo <i>/bu.ntoːoː/</i>	baúg na hayop
arasa <i>/ˈara.saː/</i>	derasa <i>/deraːsaː/</i>	rasa <i>/raːsaː/</i>	derasa <i>/deraːsaː/</i>	rasang manok
baboyan <i>/baboyan/</i>	baboyan <i>/baboyan/</i>	baboyan <i>/baboyan/</i>	baboyan <i>/baboyan/</i>	baboyan
budos <i>/budos/</i>	mabdos <i>/maːbdus/</i>	mabdos <i>/maːbdos/</i>	kabdos <i>/kaːbdos/</i>	buntis na hayop
bulakat <i>/bulakat/</i>	butakal <i>/butakal~l/</i>	butakal <i>/butakal/</i>	butakaw <i>/butakaw/</i>	butakal
dumal'aga <i>/dumal-iaːgaː/</i>	dumalaga <i>/dumalaːgaː/</i>	dumaraga <i>/dumaraːgaː/</i>	dumaga <i>/dumaːgaː/</i>	dumalaga
gal'lum'lum <i>/gal~luːml~lum/</i>	lyul'lulum <i>/lyul~lulum/</i>	yaghawhom <i>/yaghaːwmhom/</i>	yahaomhom <i>/yahaːoːmhom/</i>	naglimlim
ii <i>/iːiː/</i>	i <i>/iː/</i>	ihi <i>/ihiː/</i>	ihi <i>/ihiː/</i>	ihì
ikot <i>/ikot/</i>	luta-luta <i>/lutaː.lutaː/</i>	yuktan <i>/yuːktan/</i>	bugkot <i>/bugkot/</i>	tubong/tali sa leeg
inugas <i>/ˈinuːgas/</i>	inugas <i>/ˈinuːgas/</i>	pyangugas <i>/pyanːuːgas/</i>	hinugas <i>/hinuːgas/</i>	kaning baboy/hayop
isol'l <i>/iːsol~l/</i>	kisaw <i>/kisaw/</i>	pisaw <i>/pisaw/</i>	impis <i>/iːmpis/</i>	kuting
til-lipa <i>/til.lipaː/</i>	lipa <i>/lipaː/</i>	tae <i>/taːeː/</i>	lipa <i>/lipaː/</i>	dumi
turiti <i>/turiːtiː/</i>	toriyo <i>/toriːyoː/</i>	manawa <i>/manaːwaː/</i>	nati <i>/natiː/</i>	barako
tyao <i>/tyaːoː/</i>	yagadal'law <i>/yagadaːl~law/</i>	tyawo <i>/tyawoː/</i>	iyak <i>/ˈiyak/</i>	igik
usoyan <i>/ˈusoːyan/</i>	usuyan <i>/ˈusuːyan/</i>	manggiyanak <i>/manggiːyaːnak/</i>	manggianak <i>/manggiːaːnak/</i>	inahing manok

Konklusyon

Tatak ng pagiging Mandaya ang kakaiba at natatanging paraan nang pamumuhay ng mga katutubong Mandayang nabibilang sa kani-kanilang lokasyon. Napatutunayan ito ng mga katawagang tangi sa kanilang kultura at mahirap hanapan ng katumbas sa ibang wika. Nagsisilbi itong pagkakakilanlan ng kanilang pagiging Mandaya. Tulad ng Mandaya, bilang isang yunik na wika, may mga katangian itong iba sa mga wika sa Pilipinas, ang kaibahang ito ay identidad ng kanilang pagiging Mandaya.

Rekomendasyon

Batay sa naging resulta ng pag-aaral at nabuong kongklusyon, iminumungkahi at inirerekomenda ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng masusing pag-aaral tungkol sa mga paktor kung bakit nawawala o kaya'y unti-unting nawawala ang pagkapuro o dalisay na wika ng mga katutubong Mandaya sa mga lugar o munisipalidad ng Davao Oriental, na nakatuon sa kasaysayang nagaganap sa kanilang tribo.

2. Dapat maitala at mapabilang sa Diksiyunaryong Filipino ang ilang mga katawagang tangi sa wikang Mandaya upang makilala naman ito sa buong kapuluan ng Pilipinas ang pagkakaroon nito ng bukod-tanging wika 0 kulturang mababatid lamang sa mga katutubong Mandaya sa probinsya ng Davao Oriental.

3. Palawakin at patatagin ang paggamit ng wikang bernakular sa pagtuturo na isinulong ng DepEd. Makatutulong ito upang bigyang halaga ng mga Mandaya ang kanilang tribo at wika tungo sa pagpapatatag ng kanilang kultura na bahagi ang wika.

Bibliyograpi

Austero, C., et al. (2007). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Pasig City: Unlad Publishing House.

Bailey, C. (1973). *Variation and Linguistic Theory*. Washington DC: Center for Applied Linguistics.

Bernales, R., et al. (2007). *Akademikong Filipino Tungo sa Epektibong Komunikasyon*. Batayan at Sanayang Aklat sa Filipino 1, Antas Tersyarya, Binagong Edisyon. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.

Chambers, J.K. & Peter T. (1994). *Dialectology*. New York: Cambridge University Press.

Conrad, S. & Douglas B. (Eds.). (2001). *Variation in English: Multi-Dimensional Studies*, England: Pearson Education Ltd.

Coupland, N. (2007). *Style: Language Variation and Identity*, Cambridge: Cambridge University Press.

Ekert, P. & Rickford, J. (Eds.). (2001) *Style and Sociolinguistic Variation* _ Cambridge: Cambridge University Press, 2001.

Fromkin, V. et al. (2003). *An Introduction to Language* (7th Ed.). Thomson: Heinle.

Giles, H., et al. (Eds.). (1991). *Context of Accommodation: Developments in Applied Sociolinguistics*. Cambridge: Cambridge University Press.

Gumperz, J. & Hymes, D(Eds). (1. *Directions in Sociolinguistics*. Oxford: Basil Blackwell Ltd.

Halliday, M. et al. (1964). *The Linguistic Sciences and Language Teaching*. London: Longman, Green and Co. Ltd.

Peregrino, J., Constantino, P. & Ocampo, N. (Eds.). (2002). *Minanga, tvtga aabasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng W5kang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.

Santos, A. L. & Hufana. N. (2008). *Ang Akademikong Filipino sa Komunikasyon, Teksbuk-Workbuk sa Filipino 1*. Malabon City: Mutya, Publishing House, Inc.

Poplack, S. (1993). *Variation Theory and Language Contact*. In Preston, D.R. (Ed.), *American Dialect Research* (pp. 251). Philadelphia John Benjamin B.V.

Lewis, PM_, Simons, (S.F. & Fennig, C.D. (eds.). 2013. *Ethnologue: Languages of the World*, Seventeenth edition. Dallas, Texas: SIL International. Retrieved from <http://wvw.ethnologue.com>

NCIP (National Commission on Indigenous Peoples). (2012). Retrieved June 5, 2012 from <http://www.ncip.gov.ph>